

Pangalan: Malic Morad

Paksa ng Khutbah: “Ano Ang Ibig Sabihin ng Salitang Muslim?”

Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal

Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro

February 2, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الْحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يَضِلَّ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تَقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنْتُمْ مُسْلِمُونَ﴾ آل عمران: 102

“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.” (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa Islam, sa araw na ito ating muling pagnilayan ang kahulugan ng ating pagiging Muslim. Ang pagiging Muslim ay hindi lamang sa pangalan, at lalong hindi sa lahi o kultura o anumang tribo, kundi ito ay isang pangako at pagsuko ng ating buong pagkatao sa Nag-iisang Diyos na si Allah Subhanahu Wa Ta’ala. Sa Mundo na kung saan marami ang naliligaw ng landas, ang pagiging Muslim ay isang biyaya at tungkulin na dapat nating pasalamat at pagyamanin. Ano nga ba ang ibig sabihin ng salitang “Muslim”? Paano natin ito maisasabuhay sa araw-araw na pamumuhay? Ito ang ating bibigyang liwanag sa araw na ito.

Ang “Muslim” ay sinumang sumusuko at sumusunod sa Nag-iisang Diyos na si Allah. Ang Islam mismo ay nangangahulugan ng “pagsuko” — pagsuko ng ating kalooban, layunin, at buhay sa Kalooban ni Allah. Ang pagiging Muslim natin ay higit pa sa pangalan o pagkakakilanlan. Tayong mga Muslim ay may paraan ng pamumuhay na naka-ugat sa pananampalataya at pagkilos ayon sa Batas ni Allah at sa pamamaraan ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam).

Tunghayan natin ang mga pangunahing katangian ng isang Muslim. Sa Qur-an ay ating mababasa ang sinabi ni Allah:

﴿ إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ إِذَا ذُكِرَ اللَّهُ وَجِلَتْ قُلُوبُهُمْ وَإِذَا تُلِيَتْ عَلَيْهِمْ آيَاتُهُ زَادَتْهُمْ إِيمَانًا وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ (2) الَّذِينَ يُقِيمُونَ الصَّلَاةَ وَمِمَّا رَزَقْنَاهُمْ يُنْفِقُونَ (3) أُولَٰئِكَ هُمُ الْمُؤْمِنُونَ حَقًّا ۚ لَهُمْ دَرَجَاتٌ عِنْدَ رَبِّهِمْ وَمَغْفِرَةٌ وَرِزْقٌ كَرِيمٌ (4) ﴾ الأنفال: 2-4

“Ang mga sumasampalataya ay sila, na kung ang Pangalan ni Allah ay nababangit, ay nagkakaroon ng pangamba sa kanilang puso at kung ang Kanyang mga Talata (Qur-an) ay dinadalit sa kanila ay nagpapaalab sa kanilang pananalig at sila’y naglalagay ng kanilang pagtitiwala sa kanilang Panginoon (lamang). Sila’y nag-aalay ng Salah nang mahinusay at gumugugol mula sa mga bagay na Aming ipinagkaloob sa kanila. Sila ang mga tunay na mananampalataya. Sasakanila ang mga antas ng karangalan na nasa kanilang Panginoon, at Pagpapatawad at masaganang panustos (sa Paraiso).” (Al-Anfal: 2-4)

Ayon sa talatang ito, ang isang tunay na Muslim ay may limang pangunahing katangian na makikita sa praktikal na aspeto ng ating pang-araw-araw na pamumuhay:

- 1. Siya ay may takot kay Allah** — Kapag naririnig ang pangalan ni Allah, nagkakaroon siya ng takot sa puso. Ito ang takot na may halong pagmamahal at paggalang.
- 2. Lumalakas ang kanyang pananampalataya kapag naririnig ang Qur-an** — Ang kanyang puso ay nagiging mapagpakumbaba sa bawat talata ni Allah.
- 3. Siya ay nagtitiwala kay Allah** — Hindi siya umaasa sa anuman o sinuman maliban kay Allah.
- 4. Siya ay nag-aalay ng Salah sa takdang oras** — Ginagampanan niya ang obligadong pagsa-Salah nang may kaseryosohan.
- 5. Siya ay gumugugol mula sa biyaya ni Allah** — Nagbabahagi siya ng kanyang mga yaman para sa ikabubuti ng kanyang kapwa na may intensiyon na ang kanyang ginagawa ay “Lillah” — para kay Allah.

Ang mga aral na ito ay hindi lamang para sa ating kaalaman. Ang mga ito ay dapat maisabuhay. Narito ang ilang praktikal na hakbang upang maging tunay na Muslim sa araw-araw na buhay:

1. Palakasin ang Pananalig: Maglaan ng oras araw-araw upang magbasa ng Qur-an. Hindi kailangang mahaba, kahit ilang talata lang basta't may pagmumuni.
2. Gampanan ang Salah: Kung nahihirapan, unti-unting ayusin ang inyong iskedyul upang magawa ang limang beses na Salah. Matulog nang maaga upang magising sa tamang oras. Mag-set ng alarm clock kung nahihirapang gumising sa Fajr.
3. Magbigay ng Tulong: Maghanap ng pagkakataon na makatulong sa iba. Ang pagbibigay ng Zakah o kawanggawa ay hindi lamang ukol sa yaman kundi pati rin sa oras at lakas. Magbigay ng oras sa mga nangangailangan ng iyong tulong. At ang iyong kakayahan o skills ay gamitin para makapagbigay tulong sa iba. Maging kapaki-pakinabang sa iyong kapwa.
4. Labanan ang Kasalanan: Layuan ang mga haram o anumang gawain na maaaring magdala ng kasalanan. Magsimula sa mga maliliit na hakbang tulad ng pag-iwas sa paninirang-puri o pagsisinungaling.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَاسْتَغْفِرُ اللَّهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ الْمُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ
الْغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِينُ، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ، وَبَعْدُ:

Mga kapatid, ang buhay natin dito sa Mundo ay napakaiksi at ito ay panandalian lamang. Kaya nararapat sa atin bilang mga mananampalataya, na ating pagsumikapan na manatiling Muslim hanggang sa huling sandali ng pamamalagi natin dito sa Mundo. Sinabi ni Allah:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُمْ مُسْلِمُونَ﴾ آل عمران: 102

“O kayong mga mananampalataya, katakutan ninyo si Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga tunay na Muslim.” (Alo ‘Imran: 102)

Ang "tunay na pagkatakot" ay hindi lamang takot sa kaparusahan, kundi isang takot na may halong pagmamahal, paggalang, at pag-asa. Sa araw-araw, maipapakita natin ito sa pamamagitan ng pagsisiyasat ng ating mga intensyon bago gumawa ng anumang bagay. Halimbawa, bago tayo magsalita o kumilos, itanong natin sa ating sarili: “Ito ba ay ayon sa kalooban ni Allah?” Sa ganitong paraan, naisasabuhay natin ang konsepto ng takot kay Allah bilang isang gabay sa tamang pamumuhay.

Si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi:

"أَكْثَرُهُمْ لِلْمَوْتِ ذِكْرًا وَأَحْسَنُهُمْ لِمَا بَعْدَهُ اسْتِعْدَادًا أُولَئِكَ الْأَكْيَاسُ." (رواه ابن ماجه)

“Ang pinakamatalinong tao ay ang laging nakaaala-ala sa kamatayan at inihahanda ang kanyang sarili para rito.” (Inulat ni Ibn Majah)

Kung alam natin na darating ang kamatayan, bakit hindi natin ito paghandaan ngayon? Kung haharap tayo kay Allah sa oras na ito, handa na ba tayo? Ating tanungin ang ating mga sarili araw-araw: Ako ba’y tunay na sumusunod kay Allah? Ang aking mga ginawa ba sa araw na ito ay nagpapakita ng aking pananampalataya? Ating isipin ang mga ito, na sa bawat araw na binibigyan tayo ng buhay ni Allah, ito’y pagkakataon upang magbago, magsisi, at mapalapit sa Kanya.

Mga kapatid, ang pagiging Muslim ay isang biyaya at responsibilidad. Hindi lamang ito tungkol sa ating paniniwala kundi sa ating pagkilos at pamumuhay. Sa bawat sandaling natitira sa ating buhay, sikapin nating maging mga Muslim na tunay na sumusunod kay Allah upang sa huli, tayo'y mapabilang sa mga karapat-dapat sa Kanyang Paraiso. Huwag nating sayangin ang pagkakataon. Ang ating buhay sa Mundong ito ay napakaikli. Gamitin natin ito upang tumahak sa kaligayahan na walang hanggan sa Paraiso ni Allah Subhanahu Wa Ta'ala.

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا،
اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ
عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي الْعَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ
مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ الْعَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدَيْنَا وَلِعَلَمَانِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الْخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ
حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَجَمِيعِ مَوْتَى الْمُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالْوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى
ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا
آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الْحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ الْمَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ
كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انصُرِ الْإِسْلَامَ وَالْمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالْمُشْرِكِينَ وَالْمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ
الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللَّهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ.

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَى وَيَنْهَى عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ
وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَادْكُرُوا اللَّهَ الْعَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ،
وَلِذِكْرِ اللَّهِ أَكْبَرُ، وَاللَّهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.
